# 豊橋市図書館利用案内

Patnubay sa paggamit ng library sa lungsod ng Toyohashi

Toyohashi City Library
Homepage

（Tungkol sa pasilidad）

May 4 na library sa lungsod, kahit na sino ay maaaring manghiram, libre ito.

• Chuo Library/中央図書館

【Lokasyon】Toyohashi-shi Hanei-cho 48

【TEL】0532-31-3131

【Bukas na Oras/Araw】

9:30am～7:00pm（Sabado • Linggo • Holiday hanggang 5:00pm lamang）

【Saradong araw】

Tuwing Lunes（o Martes kapag ang araw ng Lunes ay natapat na holiday）

Tuwing pang-apat na Biyernes kada buwan（o Huwebes kapag ang araw ng Biyernes ay natapat na holiday）, New Year holiday at mga araw ng panahon ng pag-aayos.

• Mukaiyama Library/向山図書館

【Lokasyon】Toyohashi-shi Mukaiyamaoike-cho 20-1

Sa loob ng Toyohashi Citizen's Culture Center

【TEL】0532-62-2944

【Bukas na Oras】9:30am～5:00pm

【Saradong araw】

Tuwing Lunes（o Martes kapag ang araw ng Lunes ay natapat na holiday）

Tuwing pang-apat na Biyernes kada buwan（o Huwebes kapag ang araw ng Biyernes ay natapat na holiday）, New Year holiday at mga araw ng panahon ng pag-aayos.

• Oshimizu Library/大清水図書館

【Lokasyon】Toyohashi-shi Oshimizu-cho Aza Hikosaka 10-7

Sa loob ng Oshimizu Manabi Community Center「ミナクル/Minakuru」

【TEL】0532-39-5900

【Bukas na Oras at Araw】

9:30am～7:00pm（Sabado • Linggo • Holiday hanggang 5:00pm lamang）

【Saradong araw】

Tuwing Lunes（o Martes kapag ang araw ng Lunes ay natapat na holiday）

Tuwing pang-apat na Biyernes kada buwan（o Huwebes kapag ang araw ng Biyernes ay natapat na holiday）, New Year holiday at mga araw ng panahon ng pag-aayos.

# 豊橋市図書館利用案内

Patnubay sa paggamit ng library sa lungsod ng Toyohashi

・Machinaka Library/まちなか図書館

【Lokasyon】Toyohashi-shi Ekimae Odori 2-81 emCAMPUS EAST 2F・3F

【TEL】0532-21-5518

【Bukas na Oras】9:00am～9:00pm

【Saradong Araw】

Tuwing pang-apat na Biyernes kada buwan（o Huwebes kapag ang araw ng Biyernes ay natapat na holiday）, New Year holiday at mga araw ng panahon ng pag-aayos.

（Tungkol sa paghiram）

- Upang makahiram ng libro, kailangan mong gumawa ng library card. Mangyaring magdala ng ID para makagawa nito.
- Ang library card ay maaaring gamitin sa mga library ng Toyohashi, Ishimaki, Futagawa, Hokubu, Nanbu, Seiryo, Muro chiku shiminkan, Ai Plaza Toyohashi, Kodomo Miraikan COCONICO
- Ang bilang ng mga aklat, magasin, at kamishibai (paper drama) na maaaring hiramin ay hanggang 10 sa isang tao. Hanggang 2 case (CD) (musika)（Chuo library・Oshimizu library lamang） ang maaaring rentahan sa loob ng 15 araw
- Dalhin ang mga libro, atbp. na gusto mong hiramin at ang library card at isagawa ang proseso gamit ang self-lending machine.
- Kung may libro ka na hindi pa naibabalik, hindi ka makakahiram o makakapagpareserba.

（Tungkol sa extension）

- Isang beses lamang maaaring pahabain ang paghiram. Ito ay pahahabain ng 15 araw mula sa petsa ng pagproseso. Maaari mong gawin ang proseso mula sa homepage o search machine ng library. Gayunpaman, ang mga aklat na may reserbasyon at mga CD (musika) ay hindi maaaring pahabain ang paghiram.

（Tungkol sa pagbabalik ng mga hiniram）

- Mangyaring ibalik ito sa self-return machine.
- Kung ang library ay sarado, ilagay ito sa return post. Gayunpaman, mangyaring huwag ilagay sa return post ang CD (musika).
- Maaaring ibalik ang mga hiniram sa Chuo, Mukaiyama, Oshimizu, Machinaka Library, Ishimaki, Futagawa, Hokubu, Nanbu, Seiryo, Muro chiku shiminkan, Ai

# 豊橋市図書館利用案内

Patnubay sa paggamit ng library sa lungsod ng Toyohashi

Plaza Toyohashi, Kodomo Miraikan COCONICO, Toyohashi Station Tourist Information Center, at sa Information Plaza ng City Hall

（Tungkol sa paghahanap ng libro）

- Maaari mong makita ang nilalaman ng libro at ang lokasyon nito mula sa search machine ng library o sa homepage ng library.
- Kung hindi mo mahanap ang libro na nais mong hiramin, huwag mag-atubiling magtanong sa kawani ng library.

（Tungkol sa pagpapareserba ng mga libro atbp. ）

- Sa isang tao hanggang sampung libro ang maaaring ireserba.
- Ang reserbasyon ay maaaring gawin mula sa search machine na nasa loob ng library o mula sa website ng library. Maaari ka rin umorder ng mga libro mula sa iba pang library.
- Kung irerehistro mo ang iyong email address sa homepage ng library, makakatanggap ka ng email na nag-aabiso na dumating na ang aklat na iyong ipinareserba.
- Kailangan ng isang reserved library card upang matanggap ang ipinareserbang aklat.

（Tungkol sa pagbabayad ng pinsala）

- Kung ang mga libro, atbp. ay nabasa, nadumihan o nasira, kakailanganin mong bayaran ito, kaya’t ingatan ito habang ginagamit.

（Tungkol sa Library Homepage）

- Kung mayroon kang library card, maaari kang mag-log in sa iyong page mula sa library homepage. Mula doon, maaari kang magpareserba ng mga libro, mag-extend, at magreserba ng upuan sa library. Maaari mong ipakita ang library card sa pamamagitan ng pag-log in mula sa iyong smartphone.
- URL:　http://www.library.toyohashi.aichi.jp